

Si Roque Ferriols, Wika,
at ang Larong Basketbol



Emmanuel C. De Leon

Departamento ng Pilosopiya
Unibersidad ng Santo Tomas

Si **De Leon** ay propesor sa Departamento ng Pilosopiya, Unibersidad ng Santo Tomas. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Pilosopiya sa Saint Augustine Seminary at ng Masterado sa Pilosopiya sa UST. Sa kasalukuyan, nakasentro ang kanyang mga pananaliksik sa mga temang may kaugnayan sa teknolohiya, pluralismo, at Pilosopiyang Filipino.

Abstrak

Ang papel na ito ay tumatalakay sa gawaing pilosopikal na iminumungkahi ni Roque Ferriols, isang paring Heswita, dalubguro, at pilosopo. Sa unang bahagi ng papel, masinsinang inuugat ang proyekto ng nasabing pilosopo. Nakasentro sa pagmumulat sa halaga ng gawaing pagpapakatao at pagkahiwatig ni Ferriols sa potensyal ng wika ang papel na ito. Sa pagkagising at pagkamulat natin sa reyalidad ng wika bilang tahanan ng katotohanan, kailangan itong itaas sa nibel ng epistemolohiya. Kasama rito ang hamon ng pag-iisip sa gilid-gilid. Sa huling bahagi ng papel, isang matapat na pagtingin sa larong basketbol ang ating matatagpuan upang magbigay ng isang kongkretong praktikum sa uring pag-iisip na inilalarawan ni Ferriols. Penomenolohikal ang pamamaraan. Hindi ito nagnanais na maglagay ng mga ganap na depenasyon, bagkus layunin lamang nitong maglarawan ng uring kaisipan mula sa mga tuwirang sinabi ni Ferriols sa kanyang mga sinulat at sa mga pahiwatig nito.

Mga Susing Salita

*Pilosopiyang Pilipino, Wika,
Penomenolohiya, Basketbol, Ferriols*



Introduksyon

May kahirapan ang gagawin nating eksplorasyon sa mga kaisipan ni Roque Ferriols. Paano mo tatalakayin ang isang pilosopong nagsabing, “Hindi ako *brand*. Tao ako.” Maging siya mismo ay hindi naglalagay ng mga pader na hangganan sa kanyang mga konsepto. Kaya susubukan lamang nating makisabay sa uri ng pag-iisip ni Ferriols. Maingat nating uulitin, sa paraang mapangilatis, ang mga pagmumuni-muni ni Ferriols nang sa gayon ay makapagbigay tayo ng ilang pag-uulat tungkol sa kanyang pilosopiya.

Susubukan nating pasukin ang mundong pilosopikal ni Ferriols sa pamamagitan ng pakikisimpatya sa kanyang mga tanong. Ano ang hitsura ng mundo sa paningin ni Ferriols? May mag-iiba ba sa pagtingin natin sa mundo kung aampunin natin ang pagtingin ni Ferriols sa mundo? Maaaring may magtaas ng kilay at sabihing napakapersonal naman ng pamamaraan. Pero, sabi nga ni Ferriols, “Isang umiiral na pag-uunawa ang pilosopiya. Hindi iyan tumpak na pagpapaliwanag” (*Pambungad* 239). Isang potensyal ang pagtingin ni Ferriols. Baka sakaling mayroon tayong makita kung titingnan rin natin ang kanyang mga tiningnan. Baka sakaling maliwanagan tayo ng kanyang mga paliwanag.

Ngayon, hindi natin kayang isiksik sa isang papel ang lahat ukol sa pamimilosopiya ni Ferriols. Kaya, gaya ng sinabi niya, “may kinukuha, may iniwan [muna].” Nakatuon lamang ang ating kasalukuyang atensyon sa mga sumusunod na usapin: 1) proyektong pilosopikal ni Ferriols, 2) wika bilang potensyal, 3) ang pilosopiya sa gilid-gilid, 4) wika sa gilid-gilid, at 5) wika ng larong basketbol sa gilid-gilid.

Ang Proyektong Pilosopikal ni Ferriols: Ang Bulaga ng Katotohanan

Binubuo raw ng kahuhulugan (*telos*) ang pag-iisip ng isang pilosopo. Dito nakasentro ang uring pamimilosopiya at mga tanong na nais sagutin ng isang pilosopo. Tawagin natin itong “proyekto”. Ang salitang “proyekto” ay galing sa salitang Latin na may kaugnayan sa mga bagay-bagay na nakatapon sa hinaharap. Ano ang pinoproyekto ni Ferriols? Sa kanyang pamimilosopiya, saan niya gustong makarating ang landas na kanyang tinatahak?

Ang gawaing pamimilosopiya para kay Ferriols ay ang walang-hanggang-pagtatangka ng isang tao na magtanong at unawain ang kanyang karanasan sa Meron upang kahit paano ay matanaw ang katotohanan (sa isang magalang na

HASAAN

paraan). Ibig sabihin, hindi tayo natatapos mamilosopiya at hindi rin natatapos ang pilosopiya sa atin. Ito marahil ang dahilan kung bakit binansagan ng matematikong si Pythagoras ang mga nagsasabuhay ng ganitong gawain na “mangingibig ng karunungan”. Ang isang mangingibig ay hindi napapagod na alamin ang iba’t ibang mukha ng pagkatao ng kanyang minamahal.

Ngunit kahit na likas sa ating mga tao ang kahiligang magtanong at umunawa, bukas din ang posibilidad na mahulog tayo sa katamaran at tignan ang Meron sa paraang awtomatiko. Kung talagang nakikinig tayo kay Ferriols, ginigising niya tayo at binibigyan ng babala na delikadong bisyo ang hindi pag-iisip.

Malinaw na binigkas ni Ferriols na wala sa intensyon niyang bumuo ng isang partikular na uri ng pilosopiya. Kaugnay nito, sinabi niya,

“Kung talagang nais ng isang taong mamilosopiya, ang hinahanap niya ay ang totoo na nagpapakita sa kanya. At gagamitin niya ang anumang makatutulong sa paghanap sa totoo. Kung ang pinag-aabalahan niya’y Pilipino ba ako? o Intsik? o Indian? o kung ano? Hindi na siya namimilosopiya. Lalabas siyang gaya ng taong tingin nang tingin sa salaming walang katapusang pagkabagabag na baka hindi siya mukhang Pinoy (*Pambungad* 278).”

Hindi ibig sabihin na masama ang paggalugad sa Pilosopiyang Pilipino. Para kay Ferriols, nakapaloob ang proyektong ito sa “tanong sa Meron”. Isang nibel lamang ng sangkameronan ang paghahanap sa Pilosopiyang Pilipino. Kung itatanong “meron bang Pilosopiyang Pilipino?” Ewan! Baka! Nakabitin ang sagot. Itinuturo muna ni Ferriols ang uring pag-iisip na bukas sa nagpapakita. Kung saan tayo dadalhin noon ay hindi pa rin niya alam.

Mas mahalaga kay Ferriols ang pagiging mulat sa karanasan kaysa pagbubuo ng Pilosopiyang Pilipino. Malinaw niyang ipinaliwanag, “*When I try to philosophize in [F]ilipino, it is with intent to live and to help awaken other people into living*” (“A Memoir” 217). Hindi sinasabi ni Ferriols na tagabunyag siya ng lahat ng katotohanan. Mas mainam sabihin na proyekto ni Ferriols ang gisingin ang kanyang mambabasa upang gamitin ng mga napukaw ang kanilang kakayahang humanap, makatuklas, makarinig, mangilatis at gumanap sa katotohanan. Palagi nga raw may trabaho ang “bangaw” na nagngangalang Sokrates, ayon kay Ferriols.

Ginugulat tayo ni Ferriols sa dinamismo ng Meron bilang walang hanggang dinamismo. Sa kanyang *Pambungad sa Metapisika*, inilarawan niya ang metapisika bilang pintuan ng pagmumulat kung ano nga ba ang maging tao.

Dahil lahat tayo ay bahagi ng tinatawag ni Ferriols na “sangkameronan”, ang pagkamulat mo rito ang susi upang makilala mo ang iyong pagkatao. Sa mga paghinay ni Ferriols tungkol sa langgam, puno, taxi driver, pagtatampisaw sa tubig at iba pa (parating mahalaga ang “at iba pa”), kinakalabit niya ang kanyang mga mambabasa upang ituon ang kanilang atensyon sa mga ordinaryong bagay na mas madalas pa sa malimit ay hindi binibigyan ng atensyon.

Maaari nating makutuban na itong *Pambungad sa Metapisika* ni Ferriols ay halimbawa ng pagmumuni-muni na minumungkahi niya. Isa nga itong praktikum. Ito nga ang sinasabi niyang “librong hindi matapus-tapos”; na kapag pinasya mong pumasok sa bungad ng sangkameronan, palawak nang palawak, palayo nang palayo ang mga masasabi at hindi masasabi. Ginagamit ni Ferriols ang isang talinghaga ng “abot-tanaw” bilang pantukoy dito. Kapag gumalaw ang tumatanaw, mararanasan niya ang isang walang hanggang pag-akit. Ano ang ibig sabihin ni Ferriols dito? Minsan dinadanas natin ang magmasid-masid, parating may sasagi sa ating paningin. Parating may nakaharang. Ngunit sa tabi noong bagay na sumagi sa ating paningin, sa gilid noon, sa likod noon, mayroon pa ring mga nagpapakita. Ganito kalawak ang Meron o ang “abot-tanaw” o ang Katotohanan. At dito mismo sa loob ng “abot-tanaw” nakatanim ang tao, hindi bilang sentro ng daigdig, pero may gampaning bigkasin parati ang meron. Ano ba itong pagbigkas sa meron na isa sa mga panguhing tema sa pilosopiya ni Ferriols?

Dito ginamit ni Ferriols ang talinghaga ng “paggawa ng gulong” upang maipaliwanag ang ibig sabihin ng pagbigkas sa meron (pagtubo ng pag-unawa). Isa itong paulit-ulit na paggawa. Ngunit sa gawaing pag-uulit, tumatalab ang katotohanan at namumunga. Samakatuwid, may kaugnayan ang pagbigkas sa meron at ang pangongonsepto. Sa pilosopiya ni Ferriols, ang pangongonsepto ay hindi upang magyabang na mas marami kang alam. Kadalasan, ayon kay Ferriols, sa ating pagbigkas sa meron natatauhan tayo sa ating katangahan. Ang pagbigkas sa meron ay isang mapagkumbabang pag-amin na hindi masasabi ang totoo, magagawa lamang. Sabi nga ni Ferriols, “Sapagkat sa paggawa ng gulong, kapag nasabi na ang lahat na masasabi, ang pinakamahalaga ay hindi masasabi. Magagawa lamang. Mauunawaan lamang ng kamay na gumagawa. At kapag nagawa na, lalabas na pinagkataman lamang at pinaglagarian ang lahat ng nasabi” (*Pambungad 28*). Hindi ibig sabihin na masama ang mangonsepto. Bahagi ng pagbigkas ang pangongonsepto. Kailangang dumaan ng tao sa masasabi, bago niya matamo ang hindi masasabi. Pero, itinuturo ni Ferriols na may mga bagay na kinukuha, may mga bagay na iniwan.

Wika Bilang Potensyal

Sa kalagitnaan ng Dekada 60, unti-unting umusbong sa damdamin ng mga politiko at taong simbahan ang masidhing kagustuhang gamitin ang wikang Filipino. Nanatiling wika ng mga “matatalino” at “kagalang-galang” ang wikang Ingles, ngunit matindi ang hamon ng panahon na mag-Filipino, salitain ang wika ng ordinaryong tao. *“When respectable people can talk Tagalog in public as badly as I do and be applauded for it, it must be high time for such me to speak Tagalog in public without having to fear the censorious eyes of some pure Bulakanese”* (“A Memoir” 215).

May kahirapan ang pagsisimula ng ganitong adhikain. Nariyan nang mabansagang “experimental” ang mga klase ni Ferriols. Ngunit napakahalaga at napakalaki ng hakbang na ginawa ni Ferriols sa paggamit ng wikang Filipino sa pilosopiya. Unang-una, naipakita nito na kaya palang mamilosopiya sa wika ng karaniwang tao. Ano ang nakita ni Ferriols sa paggamit ng wikang Filipino? Maging si Alfredo Co ay umaming marami nang guro sa pilosopiya ang nawalan ng ganang ituro ang pilosopiya sa wikang Filipino maliban kay Ferriols (“Doing Philosophy in the Philippines” 11). Hindi kaya korning-korni sa pandinig ng mga sosyal ang paggamit ng wikang Filipino?

Sa paggamit natin ng wikang batay sa atin mismong karanasan, pinapalaya rin natin ang ating damdamin, binibigkas natin ang kakornihan at kalaliman ng ating pagkatao. Para kay Ferriols, may mga bagay na korning-korni pero importanteng-importante. Kabilang dito ang paggamit ng wikang nagpapalaya. Hindi niya sinasabing wikang Filipino lamang, sapagkat hindi rin baog ang iba ng wika.

Dito importante ang mga teksto ni Ferriols na sinusubukang isalin ang mga orihinal na teksto na nasa Griyego. Kahit sa kanyang pagsasalin, sinusubukan niyang makisabay sa pag-iisip ni Parmenides, Heraclitus, Sokrates, at iba pang pilosopo. Kahit na sa kanyang pagsasalin, pinapalaya pa rin niya ang mga teksto at ginugulat pa rin niya ang mga mambabasa sa yaman ng mga kataga. Kaya nga potensyal ang kataga. Masasalamain sa wika ang katotohanan sapagkat, ayon kay Ferriols, “...taglay ng bawat wika ang kapaitan at pananabik ng paghabol sa katotohanan: paghabol ng mga unang naghubog at ng mga sumunod na gumamit sa wikang iyon” (*Pambungad* 278). Kaya nga, dapat danasin ang mga kataga ng mga taong gumagamit at umuulit nito. Ang mga kataga ang ekspresyon ng samu’t saring karanasan ng tao sa daigdig. Kaya marahil ito ay tinawag na “katagâ”; kasama ito sa ating “pagkaka-tagâ” o pagkakababad sa mundo. Nagdudulot ng

sugat at pagkakahati ang isang “tagâ”. Kaya minsan sinasabihan natin ang isang na tao na “masakit kang magsalita”. Sapagkat ikaw ay “natagâ” ng kanyang mga sinabi. Pero, ang wika rin ay nagpapalaya. Kumakawala ang mga kaisipan sa pamamagitan ng mga kataga. Kung dadanasin lamang talaga natin at gagamitin ang katagang nagpapalaya, sisibol ang mga kaisipan. Dapat nga nating sariwain ang sinaunang paggamit at pagbigkas sa mga katagang nagpapalaya.

Paano dinadanas ang wika? Walang eksaktong patakaran. Nalalaman na lamang niya ang paraan sa pamamagitan ng pagsasagawa. Sa wika ng mga jejemon ng kasalukuyang panahon, praktis-praktis din ‘pag may time! Halimbawa raw sa larong beysbol. Tinatawag nating magaling na manlalaro ang nakapagpatama ng tatlong daang beses. Palibhasa’y bihira ang makagagawa nito. Alam rin natin na dumaan sa matinding pagsasanay ang nakagagawa nito. Sa pagsasanay, mas malamang na marami rin siyang beses na pumaltos. Ganyan rin daw sa pagdanas ng mga kataga. Lumalalim ang ating kaalaman sa wika sa paggamit nito. May mga pagkakataon ng pagpaltos, pero bahagi ito ng pagdanas. Hindi nga natin malalaman kung ano ang meron sa kailaliman ng dagat kung hindi natin personal na sisisirin. Ganito rin ang wika. Malalim ang mga ito. Kailangan lamang itong danasin at sisirin hindi upang ilagay sa isang garapon at gawing mistulang tropeyo na maipagyayabang. Ang gawaing ito ay bahagi ng ating pagpapakatao. Isa itong gawain ng isang taong nagsisikap mabuhay sa katotohanan, sang-ayon kay Ferriols. Sabi pa niya:

“Ganito ang pag-uulit sa wika: hanapin, gisingin, pairalin ang pagtataka, ang mapaglikhang pagkalito na nakatago sa mga katagang buod. Magiging bago at sariwa muli ang wika. Matutuklasan ng umuulit na ang wika ay potensyal sa pag-unawa at paglikha sa meron. Magiging bago at sariwa ang pakikihalubilo sa meron ng taong umuulit sa anomang wika (*Pambungad* 52).”

Kaya nga, maaaring sabihing “sosyal” at kontra-sosyal ang paggamit ni Ferriols ng wikang Filipino. Sa isang banda, sosyal dahil buhay ang pangangailangang lumubog sa karanasan ng mga gumagamit ng wika. Bahagi nito ang pagsisikap manirahan sa bayan ng katotohanan. Ginamit ni Ferriols ang katagang “katoto” bilang pantukoy sa kapwa, ibig sabihin mga kasama sa katotohanan. Sa kabilang banda naman, kontra-sosyal dahil itinataas niya sa nibel ng epistemolohiya ang wikang Filipino. Kung tutuusin, kayang-kayang makipagtalastasan ng mga estudyante ni Ferriols sa Ateneo sa wikang Ingles. Kung ang layunin lamang ni Ferriols ay matuto sila ng mga konsepto ng napakaraming pilosopo, hindi na kailangang gumamit ng wikang Filipino.

HASAAN

Ngunit makukutuban nating may aspektong politikal ang paggamit ni Ferriols ng wikang Filipino. Nakikita niyang potensyal ang wika upang basagin ang pader na naghihiwalay sa mga mayayaman at mahihirap. Hindi ito upang sabihing “imperyalista” ang wikang Ingles. Sabi nga ni Ferriols, hindi naman niya paborito ang wikang Filipino. Lahat ng wika ay potensyal kung matatalaban tayo nito. Ngunit kung ipagpipilitan ko lamang ang wikang alam ko, baka ako magyabang-yabangan at sabihing ako lamang ang edukado at taga-bundok silang lahat. Sa paggamit niya ng wikang Filipino sa pamimilosopiya, nakikita niya itong potensyal upang gawing lehitimo ang isang ordinaryo at hamunin tayong danasin, kilatisin, at patalabin ang mga ito sa ating pagkatao.

Ang Pilosopiya sa Gilid-Gilid

Ano ang hantungan ng pilosopiya ni Ferriols? Kung nakikinig tayo nang mataimtim sa itinuturo ni Ferriols, pag-aaksaya ng oras ang sagutin ang tanong na ito. Malinaw pa sa sabaw ng pusit na bukas ang posibilidad ng Meron. Ang maaari lamang nating gawin sa huling bahagi ng papel na ito ay magbanggit ng ilang posibleng ruta na binuksan ng pamimilosopiya ni Ferriols. Kung saan man ito patutungo, kasama na ‘yun sa mga “hindi masasabi”.

Para kay Ferriols, ang metapisika ang pintuan ng pagmumulat kung ano nga ba ang maging tao. Dahil lahat tayo ay bahagi ng tinatawag ni Ferriols na “sangkameronan”, ang pagkamulat mo rito ang susi upang makilala mo ang iyong pagkatao.

Gamit ang ideya ni Norris Clarke, inilarawan ni Ferriols ang pagmemetapisika bilang “...sabay na paglalatag ng sarili sa kalawakan, pero lalo na, pagpasok sa kalaliman ng mga nilalang at sa kalaliman ng sarili. Kaya nga ang metapisika ay hindi paghahanap ng isang pambihirang impormasyon. Sinasabi lamang sa iyo, pumasok ka sa iyong sarili, at tingnan mo ang iyong dinamismo para sa lahat ng meron” (*Pambungad* 270). Nagsisimula sa pinakamalapit sa iyong katotohanan, sa iyong sarili, at sa pinakamalalim na katotohanan nitong sariling ito na angkop sa Meron. Ang simula mo ay ang iyong sarili bilang walang alam pero nais malaman ang lahat.

May kanya-kanya tayong ginagalawan. Sabi nga ni Ferriols, “Pati sa mga bagay na bukal sa tao, ang bawat tao ay nananawagan na punahin ang kanyang tanging kakanyahan” (*Pambungad* 195). Iniiwan ni Ferriols ang kakayahan ng ibang mag-isip tungkol sa mga insekto, tungkol sa mga tandang, tungkol sa karagatan, tungkol sa mga tala. Walang masama sa mga ito. Magiging sagabal

nga lamang ang mga ito kung hindi ito tumutungo sa Meron. Samakatuwid, iba't iba ang anyo ng pamimilosopiya para kay Ferriols. Subalit, kung tutuusin, parepareho pa rin. Magkakaiba dahil maraming gilid, parepareho dahil iisa at may kaisahan ang Meron.

Ngayon, paano nga ba ang pagsisiyasat na pilosopiko? Walang iisang patakaran na itinuturo si Ferriols. Hindi rin naman nakabatay sa kanya-kanyang kaparaanan. Nagsisimula ang pilosopikong pagsisiyasat sa isang matinding pagkabalisa ukol sa mga nararanasan ng isang tao sa araw-araw niyang pagiral. Samakatuwid, may mahalagang papel na ginagampanan sa larangang ito ang isang ako, ang isang palaisip. Sabi nga ni Florentino Timbreza:

“Hindi kusang uunlad ang anumang pag-iisip sa sarili nito mismo. Uunlad ito sa pamamagitan ng pag-iisip ng taong nag-iisip. Ang pag-unlad ng pag-iisip ay isang prosesong intelektwal na nagaganap habang ang tao ay nag-iisip. Kaya magkakaroon lamang ng pag-iisip kung mayroong taong nag-iisip; at sa pamamagitan ng taong nag-iisip ay uunlad ang pag-iisip na kanyang pinag-iisipan (*Intelektwalisasyon xi*).”

Kaakibat ng pagkadama sa matinding pangangailangang makaalam ang mulat na pagtataya ng sarili sa gawaing pilosopikal. Hindi maaaring hilaw o patumpik-tumpik ang isang palaisip. Kinakailangang totoo sa sarili at buo ang hangaring malaman ang mga kasagutan sa mga tanong-ng-buhay tulad ng “sino ako?”, “sino ang kapwa ko?”, “ano ang katotohanan?”, “ano ang hustisya?”, “meron bang Diyos?”, “may buhay ba pagkatapos mamatay?” at marami pang iba. Kung nasagot mo na ang mga tanong na ito at hindi ka na nababalisa, hindi para sa iyo ang pilosopiya.

Ngunit, paano iyon gagawin? Mas mainam sigurong gawin muna, mamilosopiya. Sapagkat hinding-hindi maituturo ng kahit na sino, kahit na ng pinakamahusay na guro sa Unibersidad ng Harvard, ang daan sa pagkaunawa. Totoong instrumento ng katotohanan ang paaralan. Subalit, sa huli, nananatili pa rin na ang isang tunay na mag-aaral ay nangangailangang humanap ng kanyang sariling paraan at ritmo. Iyon ngang kanyang *hodos* (daan, paraan), isang bagay na nangangailangan ng kahandaan, disiplina at *flexibility*. Ito ang sinasabi ni Ferriols na paggalaw sa abot-tanaw. “Kapag gumalaw ang tumatanaw, mararanasan niya ang abot-tanaw bilang isang walang hanggang tawag at pagakait, sa walang hanggang paglampas at pagtanaw” (*Pambungad 10*). Hindi siya pinanghihinaan kahit paminsan-minsan ay pumapaltos. Para sa katotohanan siya bumabangon.

Dito, mahalaga pa rin ang pagpili ng wika. Hindi maaaring balagbag ang

HASAAN

wikang gagamitin sa lehitimong ginagamit ng mga ordinaryong tao. Buhay na buhay ang panawagan ni Ferriols na sa pamimilosopiya sa gilid-gilid, hindi sapat na pag-isipan lamang ang larangang ito. Kailangan itong isapuso. Sa kanya mismong sinabi, “Hindi sapat saulo hin. Kailangang isaloob at isagawa” (*Pambungad 45*).

Kaya nga, bilang pagtugon sa hamon ni Ferriols, susubukan nating mag-iisip sa gilid-gilid. Papasukin natin ang mga ordinaryong karanasan na madalas maisantabi. Dito, sisipatin natin nang mas malapitan ang larong basketbol. Mayroon kaya tayong makikitang kaisipan sa pinakapaboritong laro ng mga Pilipino? Isa itong pagtatangkang gamitin ang uring pag-iisip na binalangkas ni Ferriols. Isa nga itong praktikum na naglalayong maglarawan ng mga nakikita sa gilid-gilid.

Mahalagang Punto sa Pilosopiya ni Ferriols: Wika sa Gilid Gilid

Katulad ng napakaraming pilosopo sa kasaysayan ng Pilosopiya, masasabi nating ang pinakamatinding ambag ni Ferriols ay wala sa kanyang mga pangunahing sagot. Mas matinkad ang naiambag ng kanyang pamamaraan sa pamimilosopiya. Nagbukas ng napakaraming pintuan ang kanyang mga kaisipan.

Kung talagang matapat ang ating pagsunod sa pag-iisip ni Ferriols, mahihiwatigan natin na mas mahalaga sa kanya ang maging kagulat-gulat kaysa maging masinop sa kanyang mga sinusulat. Patagong tatawanan marahil ng mga maselan sa wika ang kanyang mga ispeling, gramatiko, at panghihiram sa ibang wika. Subalit, wala sa mga iyon ang “sining ng pamumuhay na mulat sa meron” (*Pambungad 51*).

Hindi sensitibo si Ferriols sa patakaran. Mas mainam sigurong sabihing kritikal siya sa ating pagkahumaling sa iisa lamang na patakaran. Sa ganitong klaseng “katamaran”, nasusupil ang yaman na pwedeng pagtakahan labas sa kanyang sistema. Ito ang tinatawag niyang “pagtangga sa Meron”. Inilalarawan ni Ferriols ang mundo bilang malaking silid-aralan. Sa loob ng silid-aralang ito, walang hanggan ang paksa nitong Meron. Gamitin nating halimbawa ang sistema ng agham. Walang masama sa sistemang ito. Marami nga itong naiambag sa larangan ng pag-iisip at sa pag-unlad ng ating pamumuhay. Subalit, kung magpapakasiga tayo at sasabihin nating agham lamang ang ating gagamitin at kung hindi masagot ng agham ay sabihing hindi ito totoo, magiging delikadong

bisyo ang ganitong kaisipan. Sabi nga ni Ferriols, “sapagkat sa pagbigkas sa meron, kailangan nating galangin ang ating sariling katangahan” (*Pambungad*, 69). Kaya nga, ganoon din sa paggamit ng wika. Walang monopolyo ang kahit na anong wika pagdating sa kakayahan nitong gisingin ang kamalayan ng tao. Kahit na ang mga wika sa gilid-gilid; laman ng mga ito ang karanasan ng mga tao sa kanilang paghahanap sa katotohanan. Samakatuwid, may aspektong pilosopikal ang pag-unawa sa wika.

Ngunit sa pamamaraang pilosopikal ni Ferriols, hindi natin inaaral ang wika upang tayo ay maging *cute* sa paningin ng mga may alam. Hindi rin ito isang paligsahan ng kung sino ang pinakamagaling sa wika. Inaaral natin ito at ginagamit dahil bahagi tayo ng sangkatauhan na naghahanap sa katotohanan. Malinaw na malinaw nga ang ugnayan ng wika at pilosopiya.

Ngayon, wikang Filipino lang ba ang dapat gamitin sa pamimilosopiya? Malinaw ang sagot ni Ferriols dito. Hinding-hindi dapat tayo makulong sa iisang wika. Hindi sarado si Ferriols sa wikang Aleman, Pranses, Ingles, Ilokano, Cebuano, at marami pang iba. Inaaral natin at itinataas sa nibel ng pang-unawa ang ibang mga wika hindi upang maging alipin nila tayo, kundi upang makibahagi sa kanilang katalinuhan sa paghahanap ng totoo.

Matingkad na matingkad sa pilosopiya ni Ferriols ang aspekto ng pagkabukas. Sabi nga niya, pairalin ang pagtataka (*Pambungad* 34). Habang buhay na buhay ang pagtataka sa kaisipan ng isang tao, hindi dapat itong supilin sa pamamagitan ng paglalagay ng mga hangganan. Marami nga sigurong dalubhasa at dalubguro ang matatawa kung gagamit tayo ng wika na ginagamit sa kanto sa ating pamimilosopiya. Maaaring sabihing hindi naman iyon nasa nibel ng akademikong pagsusulat. Subalit, kung ating pakikinggan at hindi pagtatawanan ang wika sa gilid-gilid, marami rin tayong matututunan. Para kay Ferriols, ang pamimilosopiya ay dapat kauna-unawa sa tao. Hindi dapat ito nalalambungan ng sopistikadong wika na hindi naman nauunawaan ng tao. Kung ang pilosopiya ay naipapahayag sa wika ng karaniwang tao, nagagawa nito ang kanyang layunin.

Pero, dapat rin nating banggitin sa bahaging ito ng papel na hindi sa wika natatapos ang pamimilosopiya. Ang totoo ay hindi ito natatapos. Pero, malinaw pa sa sabaw ng pusit na para kay Ferriols instrumento lamang ang wika. Isang aspekto lamang ng pamimilosopiya ang pagpili sa wikang gagamitin. Sa madaling salita, nakapaloob lamang ito sa pangunahing layunin ni Ferriols na pagpapakatao. Sabi niya, “Ang sining ng pamumuhay na mulat sa meron, ay sining

ng wasto at buhay na pagtatanong. Sa panahon na isinisilang ang isang wika, ang mga taong lumilikha't humuhubog sa wika ay nakakatanggap ng biyaya ng bago at sariwang pagkalito sa meron, sa orihinal na pagtatanong" (*Pambungad* 51-52). Isang sining itong proyekto ni Ferriols. Wala itong eksaktong sukat. Kaya nga maaari niyang sabihin sa mga taong patumpik-tumpik at may pagdududa sa kakayanan ng ordinaryong wika upang gisingin ang ating kamalayan sa paraang pilosopikal na huwag panghinaan ng loob. Gawin mo ito hindi man maaari o maaari. Para bagang sinasabi niya: "huwag mong pababayaang mahati ang loob mo: kahit na hindi potensyal, gawin mong potensyal: buoin mo ang loob mo (*Pambungad* 55)."

Praktikum: Wika ng Larong Basketbol sa Gilid Gilid

Ano nga ba ang larong basketbol? Parang napakasimple ng tanong. Batay sa pagpapakahulugan ng Federation Internationale de Basketball (FIBA) ito ay nilalaro ng dalawang koponan na may tig-lilimang manlalaro. Ang layunin ng bawat koponan ay maka-iskor sa buslo (*basket*) ng katunggaling koponan at pigilan ang kalabang koponan sa pag-iskor. Ang laro ay nasa ilalim ng pagkontrol ng mga opisyal sa loob ng court, mga opisyal sa *table*, at ng komisyonado (kung naroroon). Ngunit lampas pa sa nasabing depenasyon ang *katotohanan* ng larong basketbol. Sabi nga ng FIBA, "We are basketball." Kung taimtim tayong nakikinig sa sinasabing ito, tinatawagan tayong pagnilayan ng purong-puro ang larong basketbol. Sa gawaing ito, nakasangkot ang ating sarili. Sapagkat, hindi malulubos ang ating tinatangkang pag-unawa kung hindi tayo makikisangkot sa loob ng inuunawa mismo. Kailangang maging magalang sa gawaing ito sapagkat bahagi tayo ng ating inuunawa.

Hindi maikukubli na marami sa mga Pilipino ang nahuhumaling sa larong basketbol. Kahit saang kanto makakakita ka ng *basketball court*. Sabi nga, magkaroon lamang ng bakanteng espasyo, mabilis pa sa alas-kwatro, makakaisip na tayo ng paraan para makapagtayo ng basketbolan. Tuwing bakasyon, nauuna sa isipan ng mga nag-oorganisa sa mga barangay ang pagpapaliga ng basketbol. Parang kulang ang kasiyahan sa tag-init kung wala nito. Bakit nga ba ganito na lamang ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa basketbol? Kung tutuusin, hindi ito ang pinakanababagay sa ating laro kung pagbabatayan ang tangkad at kaha ng katawan ng mga Pilipino. Susubukan nating alamin ang pinag-ugatan ng kahumalingang ito upang sa ganun ay makapagbigay ng ilang konseptong etikal.

Dinala ng mga gurong Amerikano ang larong basketbol sa Pilipinas noong 1905. Sang-ayon sa mga tala, isinama ng mga opisyal ng Young Men's Christian

Association (YMCA) ang larong basketbol bilang *minor sport* para sa mga kababaihan. Habang ang mga kalalakihan ay tinuturuan ng larong beysbol, na siya namang usong-uso laro sa mga Amerikano hanggang sa ngayon. Ang larong basketbol ay ginamit upang hubugin ang edukasyon at mga pagpapahalaga ng mga Pilipino.¹

Isa marahil sa hindi maikukubling dahilan kung bakit mistulang pinili ng mga Pilipino ang mahumaling sa basketbol kumpara sa beysbol ay ang klima ng bansa. Sa halip na maglaro ka sa napakainit na damuhan, lohikal na mas gugustuhin mong maglaro sa *covered court*.² At dahil may bubungan ang palaruan ng basketbol, mas marami rin ang nahahatak na manonood. Kung maraming nanonood, mas mataas ang porsyentong maging tanyag.

Mistulang nakatadhana talagang tumatak sa puso ng mga Pilipino ang larong basketbol. Hindi naglaon, itinatag ng mga Katolikong tagapangasiwa ng mga paaralan sa Maynila ang Pilipinong bersyon ng National Collegiate Athletic Association (NCAA) noong 1924 upang makibahagi sa programa ng pamahalaang kolonyal na magtaguyod ng mga pagpapahalaga o *values* sa pamamagitan ng palakasan. Dahil dito, tuloy-tuloy nang sumikat ang larong basketbol. Nagtayo ang bawat paaralan ng kani-kaniyang *gymnasium*. Gayundin, kumuha rin ang bawat kolehiyo ng mga banyagang *coach*. Dito na nagsimulang matutong mag-set shot, lay-up, at iba pang kumplikadong diskarte ang mga Pilipino.

Dahil nga marahil sa NCAA, lalo pang naging pangunahing libangan at tagpuan ng mga tao (masa o elitista) ang larong basketbol. Isa itong pagkakataon upang makita ang mga sikat sa lipunan. Gayundin, isa rin itong pamamaraan upang maipakita ang antas mo sa lipunan. Kumbaga, ang penomenon ng laro ay ang sanib-sanib na intensyon ng mga taong nakapaloob dito.

¹“Education was also used to indoctrinate Filipinos with American values, and sports, in particular, were believed to promote discipline and cooperation. The United States developed a comprehensive physical education curriculum for use in public schools throughout the country; in Manila, Americans built recreational facilities like playgrounds and a YMCA.” [Rafe Bartholomew, *Pacific Rims* (USA: Penguin Books Ltd., 2010), 57-58].

²Naimbento ni Dr. James Naismith (1861-1939) ang larong basketball bilang solusyon sa problema ng kanilang paaralan sa sistema ng palakasan tuwing sasapit ang winter. Dahil hindi pa uso noon ang mga covered court, nilalaro ito sa loob ng isang cage. Ito ang dahilan kaya hanggang ngayon tinatawag pa ring *cagers* ang mga manlalaro ng basketbol.

HASAAN

Kaya nga, hindi lamang libangan ang larong basketbol. Dahil isa itong pangyayari, mayaman din ito sa pilosopikal na bagay-bagay. Marami nga tayong matututunan sa nasabing laro kung atin lamang itong pagmumuni-munihan.

Unang-una, palasak na kasabihan sa larong basketbol ang *bilog ang bola*. Dito masasalamang ang samu't saring pagpapahalaga na nakapaloob sa kaisipan Pilipino. Sa isang bansang tulad natin na hindi naman ganoong nakaririwasa sa larangan ng pamumuhay, mahalaga ang konsepto ng pag-asa. Ito marahil ang dahilan kung bakit tumatak sa puso ng maraming Pilipino ang koponan ng Ginebra San Miguel. Ang kanilang “never say die” na prinsipyo ang nagdala sa kanila sa posisyon bilang pinakasikat at pinakakinatatakutang koponan sa Philippine Basketball Association (PBA). Sa paglalarawan nga ni Coach Bo Perasol sa laban ng kanyang dating koponang Air 21 Express at ng Ginebra, “versus the Philippines”. Sa kahit anong laro ng Ginebra sa liga, parating nasa kanila ang “home-court advantage”. Kaya nga sila pinangalanang *Barangay* Ginebra, isang bansag na nagpapakita ng kapitbahayan; isang pambansang komunidad ng masang Pilipino na sumusuporta sa isang koponang para bang dapat ipaglaban kapalit ng kanilang buhay. Pero, kung uugatin natin ang dahilan ng kasikatang ito malamang makita natin sa kahiligan ng mga Pilipino sa mga dehado, sa mga inaapi. At buhay na buhay ang pag-asa ng pagbangon sa hinaharap. Kaya nga, hindi masamang tingnan ang larong basketbol bilang salamin ng mentalidad nating mga Pilipino. Sa pangkalahatang pagtingin sa kinahuhumalingang larong basketbol, mahihiwatigan natin ang uring kaisipan nating mga Pilipino na lubos ang pag-asa na makababangon sa mga dagok ng buhay. At ito nga ang ipinapapakita ng mga kataga sa larong basketbol, *bilog ang bola*. Hindi lamang sila mga kataga. Bagkus mga buhay na konsepto at kamalayan na nasa sikolohiya ng isang bansang tumatangkilik at nagmamahal sa larong basketbol.

Pangalawa, mayroon rin siguro tayong masisilip na prinsipyo sa konsepto ng *diskarte* at *gulang* na nakaugat sa konsepto ng “matalinong pagpapasya”. Halos lahat ng koponan sa larong basketbol ay nagtatalaga ng kanilang bruskong “hitman” na ang *raison d’etre* sa loob ng court ay asarin sa paraang pisikal ang pinakamahusay umiskor ng kalabang koponan. Kung ang Crispa ay may Johnny Revilla, ang Toyota naman ay may Alberto “Big Boy” Reynoso. Ang Ginebra noon ay may Rudy “The Destroyer” Distrito, ang Rain or Shine naman ngayon ay may Beau “Extra Rice” Belga. Sa etika ng basketbol sa Pilipinas, ang panggugulang sa mga kulang pa ng karanasan na manlalaro ay tanggap bilang paggamit ng utak o pagiging *madiskarte*. Ang salitang *gulang* (craftiness) ay mauugat natin sa

Tagalog na salitang “magulang”. Sa isang batang manlalaro na nagsisimula pa lamang, ang sitwasyong naiisahan ng mas nakatatanda sa kanya na marami nang pinagdaanan sa laro (at sa buhay) ay bahagi nga ng paglalaro. Ipinapakita sa larong basketbol ang kahalagahan ng diskarte sa buhay. Kailangang matalino ka sa larangan ng buhay. Ito marahil ang dahilan kung bakit binansagang “The Scholar” ang isa sa pinakamagaling sa depensa sa kasaysayan ng basketbol sa Pilipinas, si Philip Cezar. Hindi man siya ang pinakamatangkad na manlalaro sa taas na 6”3’ noong henerasyon niya, subalit malimit niyang nalalamangan ang kanyang mga kasabayan gamit ang kanyang utak. Ito ang dahilan ng kanyang kasikatan at nagdala rin sa kanya sa mundo ng politika bilang Vice Mayor ng San Juan City. Kaya nga, mahihiwatigan din natin sa mga kataga sa larong basketbol sa Pilipinas ang uring kaisipan na tumatangkilik sa “matalinong pagpapasya” na nakaugat sa isang kasanayan na hinuhulma ng mga karanasan sa buhay. Nasa gitna ng “kulang sa diskarte” at “sobrang gulang” ang isang “matalinong pagpapasya”. Malinaw sa larong basketbol at sa tunay na buhay ng isang tao ang kahalagahan ng diskarte na nakakasanayan galing sa mga karanasan habang ikaw ay nakakaroon ng gulang.

Pangatlo, ginagamit rin ang salitang buwaya sa larong basketbol sa Pilipinas bilang negatibong paghahambing sa mga manlalarong sariling kasikatan lamang ang iniisip. Mayroong aspekto ng maayos na pakikitungo sa kapwa na maaari nating masilip sa palasak na katagang “buwaya” sa larong basketbol. Sa paglalaro ng basketbol, malimit nating naririnig sa mga sikat na manlalaro na isinasantabi nila ang kanilang personal na hangarin. Halimbawa, mas mahalaga ang kapakanan ng koponan kaysa sa personal na tagumpay, katulad halimbawa ng pagkakamit ng MVP awards. Hindi katanggap-tanggap ang isang manlalarong matakaw sa bola dahil sa paghahangad ng karangalang personal. Samakatuwid, malinaw na konsepto sa larong basketbol ang kahalagahan ng kakampi. Kailangan ang pagkakaunawaan ng magkakakampi. Kaya nga, mayroong malinaw na gampanin ang bawat isang manlalaro sa isang koponan. Hindi magandang puro point guard, o kaya puro sentro ang magkakakampi. Dahil mayroon ngang iba’t ibang gampanin ang mga manlalaro, kailangan nila ng koordinasyon. Dito mahalaga ang papel ng coach at ng point guard, para pag-isahin ang iba’t ibang talento ng mga manlalaro. Sa salita ni Gadamer, tinatawag niya itong pagsasanib-ng-abot-tanaw (fusion of horizon). Ito rin ang itinuturo ng etika tungkol sa pagtangkilik sa pagkakaisa (solidarity) at pagtitiwala sa tungkulin ng bawat kasapi ng lipunan (subsidiarity) na nakaugat sa prinsipyo ng kabutihang panlahat (common good). Kaya kung ayaw mong mabansagang

HASAAN

buwaya, sa laro man o sa totoong buhay, itinuturo ng larong basketbol ang halaga ng pakikisama at pag-iisip sa kabutihan ng iba.

Bilang panghuli, sa isang bansang halos sumasamba sa larong basketbol, mahalagang maunawaan natin na may negatibo ring aspekto ang pagkahumaling dito. Kahit ang mismong kasikatan nito ay mayroon ring sinasabi kung atin lamang pakikinggan. Sa isang bansang hindi naman ganoon kayaman at hindi naman natutugunan anglahat ng pangunahing pangangailangan ng mamamayan, ano ang dahilan at mistulang ibinubuhos ng ibang pulitiko ang kaban ng bayan para sa isang marangyang gymnasium? Hindi naman siguro maling sabihin na may ilang pulitikong ginagamit ang larong basketbol para patahanin ang mga tao sa kanilang pagngalngal sa kawalan ng serbisyong pampubliko. Hindi na marahil masasakop ng papel na ito ang pag-aaral sa pagkakaugnay ng kahirapan sa bansang Pilipinas, pagkahumaling ng mga Pilipino sa larong basketbol, at ng iresponsableng pagwawaldas ng mga taong gobyerno sa kaban ng bayan. Nangangailangan ito ng panibagong atensyon at oras. Pero, hindi naman siguro mahirap sabihing hindi malalaman ng fiberglass backboards ang kumakalam na sikmura ng ordinaryong Juan dela Cruz. Hindi magagamot ng mamahaling pintura ang impeksyon at sakit ng mga tao. Sa halip na gamot at pagkain, mas inuuna ang basketbol. Sabi nga sa kanto-kanto, “dalawang mukha ng pag-ibig”. Ang “love affair” ng mga Pilipino sa larong basketbol ay may dalawang mukha rin. Kilalanin pa natin ang atin mismong minamahal at kinahuhumalingan.

Paglalagom

Sinubukan natin sa papel na ito na makisabay sa uring pag-iisip ni Roque Ferriols na umuudyok sa ating mag-isip sa gilid-gilid. Sa magalang nating pakikinig at pag-uulit ng pilosopiya ni Ferriols, natuklasan natin ang kanyang pangunahing proyekto na gisingin ang kanyang mga mambabasa sa panganib ng hindi pag-iisip. Ginamit ni Ferriols bilang kasangkapan ang wikang Filipino upang patalabin ang kanyang pilosopiya sa mismong Meron ng kanyang mambabasa. Mahalagang sangkap ito upang mamulat tayo sa yaman ng mga ordinaryong karanasan. Nananahan sa wika ang karanasan ng mga taong gumagamit nito sa kanilang paghahabol sa katotohanan. Kaya nga, potensyal ang wika upang imulat tayo sa napakalawak na abot-tanaw ng katotohanan. At sa huling bahagi ng papel, sinilip natin ang penomenon ng larong basketbol sa Pilipinas. Naliwanagan tayo sa yaman nito sa patuturo ng mga pagpapahalaga at relasyon sa tunay na buhay. Noong sinisimulan pa lamang ang papel na ito, mayroong pagdududa kung may silbi ba ito. Mayroon ba tayong makikitang kahulugan sa mga gilid-gilid? Pero, sabi nga ni Roque Ferriols, “Kung iyong

tititigan, mayroon kang makikita.”

Mahalaga nga ang muling pagtingin. Kung minsan, tumitingin tayo sa isang puno. Walang bunga. Subali’t kapag tumingin kang muli, makikita mong mayroon pala, nakakubli lamang sa mga dahon. Marami pa tayong bagong makikita kapag tayo ay tumingin. Kahit sa mga ordinaryong bagay, kahit sa mga simpleng karanasan, ang mga ito ay mga pangyayari. Mayroon bang bagong kaisipan na matututuhan sa okasyon ng inuman, sa loob ng sabungan, sa paaralan, sa loob ng bahay, sa tambayan, sa palengke, at marami pang iba? Palibhasa’y tigib ang karunungan maaari nating malaman sa sangkameronan, inaakit tayo nito na siya ay pagmasdan. Harinawa’y binuksan ng kasalukuyang papel ang ating kamalayan sa ating likas na kakayahang magbunyang sa mga nagpapakita.

Mga Sanggunian

Bartholomew, Rafe. *Pacific Rims*. USA: Penguin Books Ltd., 2010. Nakalimbag.

Co, Alfredo P. “Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago and Fifty Years From Now.” *Two Filipino Thomasian Philosophers: On Postmodernism*. (Ed). Romualdo E. Abulad, SVD. Manila: UST Publishing House, 2004. Nakalimbag.

Dy, Manuel B., Jr. “Ang Pamamaraang Penomenolohiko.” *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*(Ed). Roque J. Ferriols, S.J.. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999. Nakalimbag.

Ferriols, Roque. *Pambungad sa Metapisika*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2002. Nakalimbag.

---. *Mga Sinaunang Griyego*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1999. Nakalimbag.

---. *Pilosopiya ng Relihiyon*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1995. Nakalimbag.

---. *Magpakatao: Ilang babasahing Pilosopiko*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1979. Nakalimbag.

---. “A Memoir of Six Years.” *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.* Ed. Nemesio Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977. Nakalimbag.

---. “A Cultural Adaptation.” *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.* Ed. Nemesio Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977. Nakalimbag.

HASAAN

---. "Fr. Norris Clarke, S.J.: Heswitang Metapisiko." *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*. Ed. Nemesio Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977. Nakalimbag.

---. "Ilang Nota: Etika." *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*. Ed. Nemesio Que, S.J. and Agustin Martin G. Rodriguez. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1977. Nakalimbag.

Gadamer, Hans-Georg. *Truth and Method. 2nd Revised Edition*. (Trans.) Joel Weinsheimer at Donald G. Marshall. New York: The Continuum Publishing Company, 1994. Nakalimbag.

Timbreza, Florentino. *Intelektwalisasyon ng Pilisopiyang Filipino*. Manila: De La Salle University Press, 1999. Nakalimbag.